# BIG TOBACCO'S MENU OF ADDICTION

**ANG ADDICTION AY HINDI SIDE EFFECT, ITO ANG BUSINESS MODEL NG TOBACCO INDUSTRY!**



**Lahat ng mga items sa aming menu ay may dalang pinsala sa iyong kalusugan at budget, at sisiguruhin namin na babalik-balikan mo sila—gusto mo man o ayaw mo.**

## MGA BEST SELLERS




**MGA SIGARIILYO** ................................. ₱₱₱₱
Gawa sa ammonia, butane, formaldehyde, tar at mga ibang nakakalasong sangkap. Hinahain na may single-use na plastic filter na hindi nabubulok.

**Para makakuha ng extra nicotine,** tar at carbon monoxide, subukan ang aming mga specials: kreteks mula sa Indonesia at bidis/beedis mula sa India.

**new ITEM!** **Subukan ang aming mga patok na imported na sigarilyo na may kasamang interactive filter na sikat sa Latin America!**

**MGA CIGAR** ..................................... ₱₱₱₱
Umorder ng large para makakuha ng kasing daming tabako mula sa isang buong pakete ng sigarilyo. Pwedeng meron o walang filter.




**MGA PIPA** ........................................ ₱₱₱₱
**Diner's Choice:** Hithitin man o hindi, ma-eenjoy mo ang higher chance na magkaroon ng oral, lung, at bladder cancer.

**ORAL TOBACCO** ................................. ₱₱₱₱
Pabilisin mo ang tibok ng puso mo sa buffet ng smoke-free—pero hindi risk-free na choices: gutkha, zarda, paan, khaini, snuff, snus, at iba pang mga nakaka-addict na variety.

### ⚠ SERVICE CHARGE

Ang mga gastos kaugnay sa pinasala sa kapaligiran, kahirapan, pagbaba ng productivity at pagkakasakit ay idadagdag sa bill mo.



## MGA BAGONG ITEM SA MENU

**HEATED TOBACCO PRODUCTS (HTPS)** .. ₱₱₱₱
Sawa ka na ba sa sigarilyo pero gusto mo pa rin ng carcinogens? Subukan ang mas mataas na levels ng 56 na mga mapanganib na sangkap na mahahanap sa mga emission ng HTPs kumpara sa mga sigarilyo.

**E-CIGARETTE** ........................ ₱₱₱₱
Gawa sa  mga nakalalasong kemikal at mga metal, kasama ang mga carcinogen na acetaldehyde, formaldehyde, at bezene, na nahahanap din sa usok ng kotse. Magtanong tungkol sa mga flavor namin!




**NICOTINE POUCHES** ............................ ₱₱₱₱
Paborito ng mga batang customers, ang tobacco-free na offering na ito ay may sapat na nicotine para palagi mong itong hanap-hanapin. At hindi lang yon, may masama rin itong epekto sa pag-develop ng utak ng mga kabataan.

### ⚠ HEALTH WARNING

Ang pagkonsumo ng mga produktong ito ay may masamang epekto sa pag-develop ng fetus, sa pag-develop ng utak ng kabataan, at tataas ang risk mo na magka-cancer, magkaroon ng cardiovascular disease, at mamatay ng maaga.

# KIDS MENU





**GUMMIES, LOZENGES AT MGA TABLETA ............ ₱₱₱₱**
Parang candy ang lasa at itsura at hindi mahahalata ng mga bata na kumakain sila ng nicotine!

**FLAVORED TOBACCO, E-CIGARETTES AT NICOTINE POUCHES ........................ ₱₱₱₱**
Nasa kaaya-aya at nakakaaliw na pakete!

## TODAY'S SPECIALS

| | | |
|---|---|---|
| Cherry | Grape | Sour Apple |
| Cotton Candy | Chocolate | Cinnamon Roll |
| | Piña Colada | |

## FOR SHARING




**HOOKAH/WATERPIPE ................ ₱₱₱₱**
Paborito ito sa Middle East--kilala din bilang hubble-hubble, shisha, narghile, argileh, at goza—at bagong dagdag sa aming global menu. For sharing din sa mga kasama mo ang mas mataas na risk ng pagkakaroon ng chronic bronchitis at iba't ibang sakit sa baga at sa puso.

# 3 KATOTOHANAN TUNGKOL SA MENU OF ADDICTION NG TOBACCO INDUSTRY

**Patuloy na dinadagdagan ng tobacco industry ang kanilang mga produkto at patuloy nilang ginagawang kaaya-aya ang menu of addiction. Ano kaya ang dahilan kung bakit nila ginagawa ito?**

**1 Kailangan ng tobacco industry na ma-addict ka sa anumang paraan at sa bawat pagkakataon.**

Sa pag-offer ng mas maraming produkto, gumagawa ang tobacco industry ng maraming pagkakataon para maging addict ka habangbuhay. At sa pag-market ng mas maraming produkto, lalong hindi nae-engganyong tumigil ang mga tao magsigarilyo.

**2 Kailangan mag-recruit ng tobacco industry ng mga bago at mas batang customers para palitan ang mga namatay at ang mga tumigil manigarilyo.**

Nagdidisenyo ang mga kumpanya ng tabako at nicotine ng mga produktong kaakit-akit sa mga kabataan tulad ng mga produktong may flavor, mga limited edition, mga produktong nakakabit sa mga celebrity at mga hugis-laruan na mga produkto. Sadyang tina-target ng tobacco industry ang mga kabataan sa mga bago nitong electronic products at nicotine pouches.

**3 Kailangan ng tobacco industry na ipakita na tila ba nagbabago na sila**

Sinsabi ng mga kumpanya ng tabako na gusto nilang lumipat ang mga naninigarilyo sa kanilang mga bagong produkto na "mas ligtas daw." Pero ito ang masaklap na katotohanan: Walang indikasyon na ang 4 na pinakamalaking kumpanya ng tabako ay titigil sa paggawa ng kanilang core products na sigarilyo, kahit ano pa ang sabihin nila.

**SOURCES**

Gamitin ang QR code o link sa ibaba para makita ang pinagkunan namin ng impormasyon:
**exposetobacco.org/menu-sources**

# ! ANG AMING MGA REKOMENDASYON

**Ano ang pwedeng gawin ng pamahalaan para mapabuti ang kalusugan ng publiko at magligtas ng mga buhay?**

Mahigpit na i-regulate ang lahat ng mga produktong tabako at nikotina. Napatunayang mabisa sa pagbawas ng paggamit ng tabako at nikotina at pag-protekta sa mga susunod na henerasyon ang mga polisiya sa pagtaas ng buwis sa tabako, malawakang pagbabawal sa pag-advertise ng tabako, pagbabawal sa promotions at sponsorhips ng mga kumpanya ng tabako, at sa pagbabawal sa mga flavors.

Huwag makipagtulungan sa tobacco industry. Para maprotektahan ang mga polisiya mula sa pakikialam at impluwensya ng mga kumpanya ng tabako at mga kaalyado nila, dapat ipatupad ng pamahalaan ang Article 5.3 ng global health treaty na WHO Framework Convention sa Tobacco Control.

Kung ang isang restaurant ay nag-aalok ng mga bagay na sanhi ng pagkakasakit o pagkamatay ng mga customer, hindi ba dapat ipasara na ito?

## REALITY CHECK

| DATE | SERVER | TABLE | GUESTS | CHECK NUMBER |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |

**TOTAL:**
**HABANG BUHAY NA ADDICTION**

**LEARN MORE:**
**EXPOSETOBACCO.ORG**

STOP. A GLOBAL TOBACCO INDUSTRY WATCHDO